SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 28, 2024, LUNES, IKA-09:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad - nagpaalam |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: NOV 2024 Santa Cruz, Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 11/9/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 369-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 155-T2024 / KAUTUSANG BARANGAY BLG. 04-T2024 NA NAGPAPATAW NG KAUKULANG SINGIL ANG MGA PAPARADA O GAGARAHENG MGA SASAKYAN SA LUMANG PALARUANG BASKETBALL NG BARANGAY NA NAAAYON SA MGA ALITUNTUNING BINABALANGKAS NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Pagsawitan sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 155-T2024 / Kautusang Barangay Blg. 04-T2024 na nagpapataw ng kaukulang singil sa mga sasakyan na nakasaad sa itaas nito;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, ang nasabing lumang basketball court ay hindi na angkop upang paglaruan dahil maraming mga sasakyan ang nakaparada rito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 155-T2024 / Kautusang Barangay Blg. 04-T2024 na nagpapataw ng kaukulang singil ang mga paparada o gagaraheng mga sasakyan sa lumang palaruang basketball ng barangay na naaayon sa mga alituntuning binabalangkas ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 21, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

111824 429